

Hiling sa kooperasyon para sa [Survey tungkol sa Trabaho at Pamumuhay sa buong bansa]

Ang aming pangkat ng pananaliksik, ang “Social Stratification and Social Mobility Research Group” (Sho Fujihara/Kikuko Nagayoshi Research Director Associate Professor, Institute of Social Science, the University of Tokyo), na may grant mula sa Japan Society for the Promotion of Science ay nagsasagawa ng isang “Pambansang Survey tungkol sa Trabaho at Pamumuhay” sa mga mamamayan sa pagitan ng edad na 20 at 79 upang linawin ang katotohanan ng lipunang Hapon na tumatanda at bumababa ang rate ng panganganak, at sumusulong ang pagkakaroon ng iba’t ibang kultura.

Humihingi kami ng paumanhin sa biglaang kahilingan, ngunit nais naming hingiin ang inyong kooperasyon kaya’t kayo ay pinadalhan namin ng form ng talatanungan. Ang form ng talatanungan na ito ay inihanda para sa mga may dayuhang nasyonalidad. Ang mga kasali ay random na pinili mula sa “Basic Resident Registers” ng iba’t ibang munisipalidad sa buong Japan sa pamamagitan ng bunutan. Ang pagtingin sa Basic Resident Register ay ginawa nang may pahintulot mula sa bawat lokal na pamahalaan ayon sa Basic Resident Registration Act.

Ang pagsagot ay tatagal ng 30 minuto. Kung kayo ay makikibahagi, mangyaring maglaan ng oras upang basahin ang “Paraan ng pagsagot online” sa kalakip na dokumento, at kumpletuhin ang survey gamit ang QR code bago ang Marso 10 (Linggo). May mga papel na form ng talatanungan na makukuha sa Japanese, English, Chinese, Vietnamese, Tagalog, at Portuguese. Ilagay ang wikang nais ninyong gamitin sa kalakip na postcard at ipadala ito sa amin. Hindi kinakailangang dikitan ng selyo. Ang lahat ng makikibahagi sa survey ay makatatanggap ng QUO card o Amazon gift card na may halagang 1000 yen. Naiintindihan namin na ikaw ay maraming ginagawa, ngunit kami ay nagpapasalamat sa inyong pang-unawa sa layunin ng survey na ito at sa inyong kooperasyon.

* キャンペーン主催：国立大学法人 東京大学 社会科学研究所、株式会社サーベイリサーチセンター
本キャンペーンについてのお問い合わせは Amazon ではお受けしておりません。調査事務局までお願いします。
* Amazon、Amazon.co.jp およびそれらのロゴは Amazon.com, Inc. またはその関連会社の商標です。

Q & A

Q1. Saan niyo nakuha ang pangalan at tirahan ko?

A1. Kami ay random na pumili ng mga indibidwal mula sa lahat ng residente sa Japan ayon sa Basic Resident Registers. Una, random kaming pumili ng isang munisipalidad. Pagkatapos, ipinaliwanag namin ang outline at layunin ng survey sa municipal office ng napiling munisipyo, at sa pamamagitan ng formal procedure, pinayagan kaming ma-access ang Basic Resident Registers.

Q2. Maalagaan ba ang aking privacy?

A2. Opo. Ang mga sagot sa questionnaire ay gagawing mga numerical value at ipoproseso ng kompyuter. Dahil dito, imposibleng kunin ang mga personal na impormasyon ng mga sumagot sa survey mula sa survey data. Ang survey data ay hindi gagamitin sa ibang bagay maliban sa akademikong pagsasaliksik. Ang tirahan at pangalan ng mga taong sumali sa survey ay buburahin kapag nakumpleto na ang asurvey.

Q3. Kailangan ko bang sagutin ang mga tanong na ayaw kong sagutin o hindi maintindihan?

A3. Hindi. Sagutan lamang ang mga tanong na inyong masasagot. Hindi kailangang sagutan ang mga tanong na ayaw mong sagutin.

Q4. Maaari bang sumagot ang aking pamilya para sa akin?

A4. Hindi. Dahil ikaw ang paksa ng survey na ito, ang mga tanong ay dapat mong sagutin (ang paksa ng survey).

Q5. Kailangan ko bang sagutin ang survey?

A5. Hindi sapilitan ang pagsagot sa survey na ito. Ikaw ang magdedesisyon sa inyong sarili. Malaki ang aming magiging pasalamat kung inyong mauunawaan ang layunin ng pagsasaliksik na ito at kung makikipagtulungan ka sa amin.


Q6. Paano ninyo gagamitin ang resulta ng survey na ito?

A6. Ang mga resulta ng aming pagsasaliksik hanggang sa ngayon ay ginamit sa iba't ibang mga aklat at dokumento, kabilang ang mga nasa ibaba, at naitampok na rin sa media, at nakapagbigay ng kontribusyon sa pag-unawa sa aktwal na estado ng Lipunan sa Japan. Ang mga resulta ng survey na ito ay ilalagay sa website ng Social Mobility and Social Stratification Study Group (<https://ssm2025.jp/>).



Paraan ng pagsagot online

- ① Paki-access ang site ng survey gamit ang QR code o URL na nakalista sa "Paraan ng pagsagot online" na ipinadala namin sa iyo. Maaari ninyong i-access ang website sa pamamagitan ng PC, tablet o smartphone.
- ② Ilagay ang 8-digit na numerong nakasulat sa "Paraan ng pagsagot online" na ipinadala namin sa iyo sa ID (access code) field sa entry screen.



- ③ Sagutan ang survey habang sinusundan ang mga gabay na ipinapakita sa screen.